

19. Salamat, Ama, na sa aming pagsisikap na makapamuhay ng naayon sa iyong kalooban, kami'y iyong ginagabayan at binibigyan ng kapayapaan at kagalingan sa aming mga kaluluwa. (Rom. 12:2)

20. Lumalapit kami sa Iyo, Hesus, ang aming Manggagamot, hipuin mo ang katawan ng maraming mga kababaihan sa Indonesia na nagdurusa sa cancer. Kumilos ka sa puso ng mga namumuno upang makapagbigay sila ng mas mataas na bilang ng libreng mga kagamitan sa pagdetekta nito, lalo na sa mga mahihirap. (Mga Awit 30:2)

21. Panginoon, nawa ang pangkat ng aming TWR Women of Hope na nagmiministeryo sa mga bilanguan sa Paraguay ay magkaroon ng positibong impluwensiya sa mga bilanggo, nawa ay maturuan sila na bagamat sila ay nakakulong ay mayroon silang kalayaan kay Kristo. (Juan 8:36)

22. Panginoon, tulungan mo kami na maging matatag sa Iyo bilang aming matibay na saligan upang aming mapagtagumpayan ang patuloy na mga pagbabago at hamon sa araw-araw ng aming mga buhay. (1 Cor. 15:58)

23. Panginoon, dalangin namin ang mga tagapag-alaga sa Uruguay na ingatan mo ang kanilang sariling mga kalusugan upang sila ay magkaroon ng kalakasan sa pag-aalaga sa kanilang mga pasyente at mga pamilya. (1 Cor. 9:27)

24. Salamat, Ama, na ginagamit mo ang *Healing Voice* upang magdala ng kamalayan, edukasyon at impormasyon sa mga kababaihan na nagdurusa dahil sa fistula sa Ethiopia. Dalangin namin ang 2 milyong batang kababaihan sa buong mundo na nabubuhay sa ganitong kondisyon. (Jer. 17:14)

25. Ama, sana ay hindi lamang kami gagawa ng mga Gawain para sa iyo at pagkatapos ay mapabayaan namin ang aming relasyon sa iyo. Tulungan mo kami na makapagpahinga sa iyo dahil alam namin na ikaw ang gagawa upang magkaroon ng katuparan ang layunin mo para sa amin. (Isa. 46:9-11)

26. Panginoon, bigyan mo kami ng malikhaing kaisipan kung papaano gagamitin ang social media at iba pang paraan para maikalat ang mga kahilingan sa panalangin sa TWR Women of Hope Prayer Calendar upang marami pa ang makasama sa panalangin para sa pisikal at spiritual na kalusugan ng mga kababaihan sa buong mundo. (Eph. 2:10)

27. Maraming mga kababaihang Koreana ang nakakalimot sa kanilang pansariling kapakanan dahil inuuna nila ang pag-aalaga sa kalusugan ng kanilang pamilya, ipakita mo sa kanila na ang pag-aalaga sa kanilang mga katawan ay pagsunod sa iyo, Panginoon. Nawa ay tumugon sila pamamagitan ng pagsasagawa ng mga kaugalian sa masustansyang pagkain at malusog na uri ng pamumuhay. (2 Tim. 1:7)

28. Pinupuri ka namin dahil sa maraming Telugu na katuwang sa panalangin mula sa India ang gumaling mula sa COVID-19. Ama, bigyan mo ng lubos na kagalingan ang mga patuloy pa rin na nagdurusa dahil sa sakit ng pangangatawan o nakakaranas ng takot at pag-aalinlangan tungkol sa kanilang kalusugan. (3 John 1:2)

29. Diyos, bigyan mo ng kalusugan at kalakasan ang aming matatapat na tagapanguna sa panalangin ng TWR Women of Hope sa Liberia ganundin ang kanilang mga asawa na nagkakaedad na. (Isa. 40:31)

30. Diyos, gabayan mo kami upang makahanap ng tunay na solusyon sa mahirap na problema ng kakulangan sa pagkain na kinakaharap ng 493 milyong kababaihan at mga batang babae sa buong mundo, marami sa kanila ay nakatira sa mga bansang nahaharap sa mga alitan at kagutuman. (Jas. 2:15-17)



Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2021. 4.

Kalusugan at kagalingan ng mga Kababaihan

Habang nadadagdagan ang mga taon na inaasahang mabuhay ang isang tao, nadadagdagan din ang ating interes sa kalusugan. Subalit, ang kalusugan ay hindi lamang pisikal na kalusugan, kasama nito ang kalusugan sa pag-iisip, at tayong mga Kristiano ay kinakailangan ding pangalagaang mabuti ang ating kalusugang pang-espiritual. Ito ang buhay ng isang mabuting katiwala.

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twrk.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, nawa ay maunawaan ng mga kababaihang Danish na ang pag-aalaga sa katawan at isipan sa pamamagitan ng tamang nutrisyon at pahinga ay bahagi ng pagiging tapat na katiwala ng iyong mga kaloob. (Rom. 12:1)
2. Ama, alam namin na ang mga babae na nakaranas ng maagang pag-aasawa sa Burundi ay nahaharap sa maraming kahirapan sa kanilang kalusugan at kagalingan. Nawa ang katotohan ng kahirapang ito na kanilang nararanasan ay makarating sa mga namumuno upang matigil na ang mga mapanirang gawaing ito. (Kawikaan 21:1)
3. Para sa kanilang karagdagang impormasyon sa pisikal at espirituwal na buhay, ang mga kababaihan sa mga liblib na lugar ng Nepal ay nagkakaroon lamang ng pagkakataon na makipag-isa sa mga kapwa mananampalataya sa pamamagitan ng mga programa ng *Women of Hope*. Mapatatag nawa sila ng iyong salita, Panginoon. (Filipos. 4:1)
4. Panginoon, tulungan mo po nawa ang mga Kristiyanong kababaihang Albanian na maituon ang kanilang paningin sa'yo upang mawala sa kanila ang mga nakapanlulumong takot sa kanilang mga isip at puso na dulot ng pandemya. Bigyan mo nawa sila ng lakas ng loob na maibahagi ang kanilang pananampalataya sa mga hindi nakaalam sa pag-asa ng Diyos. (Isa. 41:10)
5. Ama, dahil marami po sa mga kababaihang Korean at mga batang babae, na may katamtamang pangangatawan ang nag-aakala na sila ay mataba, kung kaya labis ang kanilang pagpapayat, na labis din na nakaaapekto sa kanilang mga katawan at isip. Tulungan mo po sila na makita nila ang kanilang sarili ayon sa iyong pagtingin sa kanila at ang kanilang maging hangarin ay ang kagandahang panloob. (1 Peter 3:3-4)
6. Dalangin namin, O Panginoon, na pagkalooban mo nawa ang aming pangkat sa Polish ng kalusugan, kapayapaan, pagtitiwala, at kahinahunan at dakilang kalakasan upang sila'y makapagministeryo sa mga kababaihan sa gitna ng pandemya. (Mga Awit 29:11)

7. O Diyos, nawa kung paanong ang mga kababaihan sa Romania ay interesado sa kanilang pisikal kalusugan, nawa ay gayundin sila maging interesado sa kanilang espirituwal na buhay. Nawa ang kanilang landasin sa buhay ay maging ayon sa iyo at makasumpong sila ng kapahinganan sa piling mo. (Matt.11:28-30)

8. Ama, dalangin namin ang kagalingan at pagpapala para sa mga lider ng TWR Women of Hope sa Liberia at maging sa ibang lugar na bukas palad na nagbibigay ng kanilang mga sarili para sa pagmiminsteryo sa mga kababaihan sa kanilang paligid sa pangalan ni Hesus. (Lukas 6:38)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.
Website: www.twrphilippines.com
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660
Facebook: TWR Phils

9. Habang sabay sabay na ginagampanan ng mga kababaihang Finnish ang iba't ibang Gawain tulad ng paggabay sa kanilang mga anak, magpatuloy sa kanilang kurso, humarap sa mga hamon, at mag-alaga sa kanilang tumatandang mga magulang, tulungan mo po sila Panginoon na magkaroon ng oras sa gitna ng kanilang mga obligasyon at makasumpong ng kapayapaan at ng kapahingahan mula sa Iyo sa bawat araw. (Phil. 4:6-7)

10. O Diyos, ikaw po ang dakilang Manggagamot. Hiling po namin na dulutan mo nawa ng mental at emosyonal na kagalingan ang mga nagdurusa mula sa pagkawala ng kanilang kamag-anak dahil sa digmaan at sigalot. (Mga Awit 147. 2)

11. Ama, Patawarin mo po kami sa aming pagsasawalang bahala sa kalusugan ng aming katawan at kaluluwa. Tinawag mo kami upang magkaroon ng kapahingaan at lumapit sa iyo upang mabuong muli. Ngayong araw, pinipili ka namin at ang iyong kalooban, pagpili na patungo sa buhay na masagana. (Juan 10:10b)

12. Habang ang suliranin, takot, pagpapakamatay at pang-aabuso sa loob ng tahanan ay nagpapatuloy ngayong

pandemya, dalangin namin na nawa ay makilala ka ng mga kababaihan sa Serbia, Ikaw na makapagbibigay sa kanila ng espirituwal na kalusugan, kagalakan, kapayapaan at pag-asa sa kanilang mga puso. (Jer. 29:11)

13. Panginoong Hesus, mangusap Ka nawa sa puso ng mga tao sa Germany upang naisin nila na bukas palad na magbahagi sa mga nangangailangan ayon sa kanilang kakayanan. Nawa ay makapagbigay sila at kumilos – ayon sa inspirasyong dulot ng TWR Women of Hope prayer calendar. (1 Juan 3:16-18).

14. Panginoon, panumbalikin mo nawa ang aming mga kapatiran sa Jharkland, India, kung saan marami sa kanila ang nagdurusa sa kawalan ng pag-ibig, karamay at respeto at maging dahil sa karahasan mula sa mga lasenggong kapamilya, kahirapan at sakit. (Mga Awit 32:7)

15. Habang nabibigyan ng edukasyon ang mga tao mula sa panganib na dulot ng pagtutuli sa mga kababaihan, nawa ang Iyong Espiritu ang kumilos upang magdala ng pagbabago sa mga nakagawian at kultura upang mawakasan na ang mga ito. (Col. 2:8)

16. Ama, tulungan mo nawa ang mga kababaihang Ukrainian na magkaroon ng karunungan sa pangangalaga sa kanilang mga kalusugan at magkonsulta ng mas maaga sa mga doktor kapag sila'y nakaranas na ng sintomas ng sakit. (1 Cor. 6:1920)

17. Ama, tinawag mo kami bilang mga mananamapalataya na mamuhay sa isang komunidad. Dalangin namin na ang mga Kristiyanong Canadian ay magkaisa sa taimtim na pananalangin, pagmumuni-muni, pagbubulay sa iyong Salita at nawa ay maakay nila ang bawat isa sa paghanap ng kanilang pagkakakilanlan kay Kristo. (Heb. 10:24-25)

18. Panginoon, pagpalain mo ang mga medikal na manggagawa sa Romania na may kinalaman sa kalusugan ng mga kababaihan. Tulungan mo sila na maging sensitibo sa pangangailangan ng mga kababaihan na kanilang pinaglilingkuran at nawa ay makapagbigay sila ng mataas na kalidad ng serbisyong medikal. (Jer. 30:17)